

**Agenda for sociolinguistics in the Philippines for the 21st century<sup>1</sup>****Ariane Macalinga Borlongan**Tokyo University of Foreign Studies  
arianemacalingaborlongan@yahoo.com

It is often said that the Philippines is a good laboratory for the study of sociolinguistics. Indeed, linguists from the Philippines have produced outstanding work on language planning, multilingualism, bilingual education, language attitudes, code-switching, and world Englishes in the last century. Summaries of what has been accomplished thus far by Philippine sociolinguistics are found in Gonzalez (1985) and Sibayan (1984). In this essay, I wish to draw upon this excellent tradition of sociolinguistics scholarship in the Philippines in the 20th century to define the agenda for research for the 21st century.

Discourses on language policies have been the most important enterprise of Philippine sociolinguistics in the last century (e.g., Gonzalez, 1980). Indeed, it was only at that time when language policies were drafted independent from the urges of a colonial power. The 1987 Constitution of the Philippines enshrined Filipino as the national language, and also as an official language together with English. The major languages also serve as regional official languages. Yet the government still has not devised a robust implementation scheme for these language policies.

A particularly profound yet critical question which should be answered is: What really is Filipino? Some distinguish it from Tagalog, but, to me as a linguist, it is nothing but another name for Tagalog. The basic criterion of mutual intelligibility defines when one language is different from another. Filipino is mutually intelligible with Tagalog but not with Cebuano, Ilocano, nor Bicolano. One cannot argue that Filipino is Tagalog enriched with borrowings from other languages because borrowing is a usual process any language undergoes as it evolves. Such a definition of Filipino therefore stagnates Tagalog—to think that, when Tagalog borrows from other languages, it is already Filipino is unfair to Tagalog. While the label *Filipino* could have been used to simply pacify the non-Tagalog resistance to basing the national language on Tagalog, such a strategy could have been successful only with its pacifist goal but it actually failed the Filipino people by confusing them with what the/a national language really is.

While Filipino and English are supposed to be the official languages nationwide, English remains the language of the controlling domains. There must be a conscious effort to make any situation where language is used available not only in English but also in Filipino. At present, even basic documents, signages, and webpages are only in English. A key to this is providing quality education from elementary to graduate education in Filipino.

Corollary to the suggestion above is the need to be able to fully intellectualize Filipino. To date, this remains a vision. The government must work alongside linguists and experts in various fields to make this vision happen. This is in fact a very urgent matter which the government must

---

<sup>1</sup> I would like to thank Dr. Ma. Lourdes Bautista for reading the first draft of this essay and providing commentaries on my sociolinguistic reflections. I consider her the Mother of Philippine Sociolinguistics and so her insights are truly invaluable. And I dedicate this essay to my late grandfather Tomas Borlongan, who taught me classic Tagalog, who helped me read *Ibong Adarna*, *Florante at Laura*, *Noli Me Tangere*, and *El Filibusterismo*, and, who, most of all, was so proud of me for the academic work I do.

seriously take up. And when fully intellectualized, Filipino must be used alongside English, particularly in the controlling domains. The major languages must also be intellectualized, but this might never happen if the intellectualization of Filipino cannot even be accomplished. And of course, more and more languages should be described in dictionaries and grammars, particularly the minor languages. Efforts of linguists at De La Salle University and the University of the Philippines, Diliman are unrelenting but it is a fact that more work needs to be done as regards the documentation of minor languages in the Philippines.

In 2009, mother tongue-based multilingual education was implemented across the country to further hone and give importance to the other languages used in the Philippines beyond the major languages. After a decade or so, there might be a need to evaluate its implementation, similar to what Sibayan and Gonzalez (1988) did for the first bilingual education policy in 1972. Doing so would allow for the refinement of its implementation because, to date, there remain many issues surrounding it. The bigger question to actually ask is: Have we really been successful in producing bilingual Filipinos? Indeed, most Filipinos can use Filipino and English but most of them, even those who are among the educated elite, can only speak in informal Filipino and write in formal English. Proficiency across genres and registers in these two languages remains simply a desire. Finally, still in relation to language-in-education, code-switching in classrooms remains stigmatized yet it has already been argued that code-switching is a manifestation of bilingual proficiency and, so long as language users know when to appropriately use it, they should not be prohibited from doing so (A. B. I. Bernardo, 2005).

The Philippines is possibly among the most linguistically surveyed countries in the world (Gonzalez, 1985), and a proof of this is the number of studies included in the Gonzalez and Bautista (1986) survey of language surveys made from years 1966 to 1984. Likewise, Bautista in 1980 began exemplary work on code-switching, developing a model of the Filipino's bilingual competence based on an analysis of code-switching in the Philippines. Yet recently, language surveys and code-switching have not been in the agenda of Filipino linguists. Interest in these two must be revived.

Language attitude studies were a trend towards the last quarter of the 20th century, particularly comparisons of attitudes towards Filipino and English (e.g., Luzares & Bautista, 1972; Tucker, 1968). As more bilingual policies have been implemented long enough across generations, it might be interesting to revisit whether attitudes towards Filipino have become more positive and English has also been seen as a language of Filipinos, too, given that claims to its Filipino ownership have been more formidable than ever.

Conversation analysis as an analytical framework was also fashionable towards the end of the last century (e.g., Bautista, 1979). It is important to work with the same analytical framework as it is integral to sociolinguistics, and also to add dimensions of gender and power in the analysis. Another putatively sociolinguistic framework to the study of language which has not been explored by Filipino linguists is the ethnography of communication (Hymes, 1962). There are many interesting verbal situations in the Philippines where such an ethnography might be a useful tool in revealing the meaning culture has encoded in the many verbal situations and those could be the focus of these ethnographies.

Studies of Philippine English are thriving. Its codification is underway (e.g., Borlongan, in press for 2019) but work towards its teaching and testing must be in the agenda of Filipino sociolinguists, too (cf. A. S. Bernardo, 2017). Along with the intellectualization of major Philippine languages and the documentation of minor ones, work on Philippine English is a way to affirm the multilingual identity of Filipinos. Also, there are more contemporary themes relating

to Philippine English which must be explored, e.g., the acquisition of English as a first language even beyond Manila, the impact of call centers and overseas employment on the spread of English even in families of lower socioeconomic standing.

Clearly, the Philippines is an excellent sociolinguistic laboratory, but any excellent laboratory will be useless if the scientists in it are not doing the right things to further knowledge in their field. Sociolinguistics shines among Philippine linguistics' most vibrant subfields, but it must be further enriched and honed by building on the legacy of the last century. I hope that these suggestions for research will be able to propel sociolinguistic studies which will greatly impact the Filipino society.

## Mga layon para sa dalubwikang-panlipunan sa Pilipinas sa ika-21 siglo<sup>1</sup>

Ariane Macalinga Borlongan

Unibersidad ng Araling-Pandaigdig ng Tokyo

arianemacalingaborlongan@yahoo.com

Palaging nasasabi na ang Pilipinas ay mainam na pook-saliksikan para sa pag-aaral ng dalubwikang-panlipunan. Tunay nga, ang mga dalubwika ng Pilipinas ay nakagawa ng mga mahahalagang saliksik ukol sa pagpapalano ng wika, multilinggwalismo, mga saloobing pangwika, paglilipat-koda, at mga Inggles ng daigdig. Ang mga buod ng kung ano man ang natapos na ng dalubwikang-panlipunan sa Pilipinas sa ngayon ay matatagpuan sa Gonzalez (1985) at Sibayan (1984). Sa sanaysay na ito, hinihiling kong sumalok mula sa kasiya-siyang tradisyon ng karurungan sa dalubwikang-panlipunan sa Pilipinas sa ika-20 siglo sa aking pagsubok na tukuyin ang layunin sa pananaliksik sa ika-21 siglo.

Ang mga usapin tungkol sa mga patakarang pangwika ang naging pinakamahalagang gawain ng dalubwikang-panlipunan sa Pilipinas noong nakaraang siglo (e.g., Gonzalez, 1980). Tunay nga, sa panahon lang na iyon kung kailan ang mga patakarang pangwika ng bansa ay naisulat nang walang paggiit ng isang kolonyal na kapangyarihan. Idinambana ng Konstitusyon ng 1987 ng Pilipinas ang Filipino bilang pambansang wika, at gayundin bilang opisyal na wika kasama ang Inggles. Ang mga pangunahing wika ay naninilbihan din bilang opisyal na wikang pangrehiyon. Gayunpaman, hindi pa rin nakakabuo ang pamahalaan ng isang matatag na pamamaraan sa pagpapatupad ng mga naturang patakarang pangwika.

Ang isang malalim ngunit mahalagang tanong na dapat na masagot ay: Ano ba talaga ang Filipino? Ang iba ay binubukod ito mula sa Tagalog, ngunit, para sa akin bilang isang dalubwikang-panlipunan, ito ay isa pang pangalan lamang ng Tagalog. Ang pangunahing saligan na pagkakaintindihan ng isa sa isa ang nagsasabi kung ang isang wika ay naiiba sa isa pa. Ang Filipino ay naiintindihan sa Tagalog ngunit hindi sa Cebuano, Ilocano, o Bicolano. Hindi maikakatuwiran na ang Filipino ay Tagalog na pinayaman ng mga hiram mula sa ibang mga wika sapagkat ang paghiram ay isang pangkaraniwang pamamaraan na pinagdadaanan ng kahit na anong wika habang ang mga ito ay nagbabago. Ang naturang pakahulugan ng Filipino ay tumitimik sa Tagalog sa makatuwid—ang isipin na sa tuwing manghihiram ang Tagalog mula sa ibang mga wika ay ito ay Filipino na ay hindi makatarungan para sa Tagalog. Napakinabangan man ang katawagang *Filipino* upang pahupain ang pagtutol ng mga hindi Tagalog sa pagbatay ng pambansang wika sa Tagalog, marahil ay naging matagumpay lamang ito sa itong layong pagpapatahimik ngunit binigo nito ang mga Pilipino dahil nilito nito sila sa kung ano nga ba talaga ang pambansang wika.

Habang ang Filipino at Inggles ay ang dapat na opisyal na wika sa buong bansa, nananatiling Inggles ang wika sa mga mahahalagang larangan. Marapat na maging maigting ang pagsusumikap na maaring magamit hindi lamang ang Inggles kung hindi pati na rin ang Filipino sa bawat kalagayan na gumagamit ng wika. Sa kasalukuyan, maging ang mga pangunahing kasulatan, mga

<sup>1</sup> Nais kong pasalamat si Dr. Ma. Lourdes Bautista sa kanyang pagbasa sa unang balangkas ng sanaysay na ito at pagbibigay ng mga puna sa aking mga pagninilay ukol sa dalubwikang-panlipunan. Itinuturing ko siyang Ina ang Dalubwikang-Panlipunan sa Pilipinas kung kaya ang kanyang mga saloobin ay tunay na walang kasing halaga. At inihahandog ko ang sanaysay na ito sa aking yumaong lolo na si Tomas Borlongan na nagturo sa akin ng klasikong Tagalog, na tumulong sa akin na basahin ang *Ibong Adarna*, *Florante at Laura*, *Noli Me Tangere*, at *El Filibusterismo*, at, higit sa lahat, na tunay na nagmamalaki sa aking mga ginagawa sa akademya.

paskil, at mga pahina sa Internet ay nasa Inggles lamang. Isa sa susi nito ay ang paglalaan ng dekalidad na pagtuturo mula sa antas-elementarya hanggang gradwado sa Filipino.

Kaakibat ng naunang mungkahi ay ang pangangailangan na lubos na mapayabong ang Filipino. Sa kasalukuyan, nananatili itong isang tinatanaw. Ang pamahalaan ay dapat na kumilos kasama ng mga dalubwika at mga dalubhasa sa iba't-ibang larangan upang maisakatuparan ang tinatanaw na ito. Sa katunayan ay isa itong kailangang-kailangan na bagay na dapat ay matimtiman nang harapin ng pamahalaan. At kapag ito ay lubos na napayabong na, ang Filipino ay dapat gamitin kaagapay ng Inggles, lalong-lalo na sa mga mahahalagang larangan. Ang mga pangunahing wika ay dapat ding mapayabong, ngunit hindi ito mangyayari kung ang pagpapayabong nga ng Filipino ay hindi matamo. At tiyak na mas marami pang mga wika ang nararapat na maisalarawan sa mga talasalitaan at balarila, lalo na ang mga mas maliliit na wika. Ang pagpupunyagi ng mga dalubwika sa Pamantasang De La Salle at Unibersidad ng Pilipinas, Diliman ay hindi natitinag ngunit katunayan pa rin na marami pang dapat gawin sa pagsasalarawan ng maliliit na wika ng Pilipinas.

Noong 2009, isinakatuparan ang edukasyong multilinggwal na nababatay sa kinagisnang wika upang mas lalo pang malinang at mapahalagahan ang mga wikang ginagamit sa Pilipinas maliban pa sa mga pangunahing wika. Matapos ang humigit-kumulang na isang dekada, mainam na tasahan ang pagsasatupad nito, tulad ng ginawa nina Sibayan at Gonzalez (1988) para sa naunang patakaran sa bilinggwal na edukasyon. Ang paggawa nito ay lilingang sa pagpapatupad ng naturang pamamaraan ng pagtuturo dahil, maging sa kasalukuyan, marami pa ring mga suliranin na pumapalibot dito. Ang mas malaking katanungan ay: Naging matagumpay nga ba tayo sa paglikha ng mamamayang bilinggwal? Tunay naman, marami sa mga Pilipino ang makagagamit ng Filipino at Inggles ngunit karamihan sa kanila, maging silang mga piling-edukado, ay may kakayanan lamang na manalastas sa impormal na Filipino at sumulat sa pormal na Inggles. Ang kasanayan sa iba't-ibang kategorya at rehistro sa dalawang wika ay nananatiling isang pagnanais lamang. At sa huli, nauukol pa rin sa wika sa pagtuturo, ang paglilipat-koda sa silid-aralan ay nananatiling isang kapintasan kahit na napangatuwiran na na ang pagpapalit-koda ay isang patunay ng kasanayang bilinggwal at, hangga't alam ng mga gumagamit ng wika kung kailan nila ito nararapat gamitin, hindi sila dapat pagbawalan dito (A. B. I. Bernardo, 2005).

Maaring ang Pilipinas ay isa sa mga pinakanasuri na bansa patungkol sa wika (Gonzalez, 1985) at ang patunay nito ay ang bilang ng mga pananaliksik na kasama sa pagsusuri nila Gonzalez at Bautista (1986) ng mga pagsusuring pangwika na ginawa mula ng taong 1966 hanggang 1984. Gayundin, sinimulan ni Bautista noong 1980 ang kapuri-puring mga gawain patungkol sa paglilipat-koda, bumubuo ng banghay ng kakayahan ng mga Philipino sa dalawang wika ayon sa pagsusuri ng paglilipat-koda sa Pilipinas. Ngunit kamakailan, ang pagsusuring pangwika at paglilipat-koda ay hindi nakakabilang sa mga layon ng mga Pilipinong dalubwika. Ang pagkawili sa dalawang ito ay dapat buhayin.

Sa huling isang-kapat ng ika-20 ay naging kahiligan ang mga pananaliksik ukol sa saloobing pangwika, lalo na ang paghahambing ng mga saloobin ukol sa Filipino at Inggles (e.g., Luzares & Bautista, 1972; Tucker, 1968). Dahil na matagal na rin namang maraming mga patakarang bilinggwal ang naisakatuparan na, marahil ay kawili-wili ding tingnan muli kung ang saloobin patungkol sa Filipino ay mas naging positibo at naituturing na rin ang Inggles bilang wika ng mga Pilipino, lalo na na ang pag-angkin nito ng mga Pilipino ay naging mas maigting pa kaysa sa dati.

Ang pagsusuri ng pag-uusap bilang balangkas sa pagsusuri ay nauuso din sa pagtatapos ng nakaraang siglo (e.g., Bautista, 1979). Mahalaga na muling gumawa sa parehong balangkas ng pagsusuri dahil ito ay mahalaga sa dalubwikang-panlipunan, at maisama na rin ang aspetong kasarian at kapangyarihan sa pagsusuri. Isa ring katangi-tanging balangkas pangdalubwikang-panlipunan sa pag-aaral ng mga wika na hindi pa nabibigyang ukol ng mga dalubwikang Pilipino

ay ang etnograpiya ng pakikipag-usap (Hymes, 1962). Maraming kaakit-akit na gawaing gumagamit ng wika na mainam na magamit ang etnograpiya ng pakikipag-usap upang maisiwalat ang pakahulugan na kinatha ng kultura sa napakaraming mga gawaing gumagamit ng wika at iyon ang maaring maging tampulan ng mga naturang etnograpiya.

Maunlad ang mga pag-aaral sa Inggles-Pilipinas. Ang pagkokodigo nito ay kasalukuyang nagyayari (e.g. Borlongan, nasa palimbagan para sa 2019) ngunit ang pagturo at pagsubok nito ay nararapat ding maging kabilang sa mga layon ng Pilipinong mga dalubwikang-panlipunan (cf. A. S. Bernardo, 2017). Kabilang sa pagpapayabong ng mga pangunahing wikang Pilipino at paglalarawan ng mga maliliit na wika, ang mga gawain patungkol sa Inggles-Pilipinas ay isang daan upang ipagtibay ang multilinggwal na kaakuhan ng mga Pilipino. Gayundin, may mga paksang napapanahon na nauukol sa Inggles-Pilipinas na nararapat na siyasin, e.g. ang pagtatamo ng Ingles bilang unang wika maging sa labas ng Maynila, ang epekto ng mga call center at pagtatrabaho sa ibang bansa sa paglaganap ng Ingles maging sa mga pamilyang may mababang antas ng kabuhatan.

Malinaw na ang Pilipinas ay isang mahusay na pook-saliksikan para sa dalubwikang-panlipunan, ngunit ang kahit na anong katangi-tanging pook-saliksikan ay mawawalang-saysay kung ang mga dalub-aghamb na naroroon ay hindi ginagawa ang mga bagay na nalalayon upang lalo pang malinang ang kaalaman sa kanilang larangan. Matingkad ang dalubwikang-panlipunan sa mga pangalawang larangan sa dalubwikang Pilipino, ngunit dapat itong lalo pang pagyamanin at linangin sa pamamagitan ng pagtungtong sa mga pamana ng nakaraang siglo. Umaasa ako na ang mga mungkahing ito para sa pananaliksik ay magbunsod sa mga pag-aaral sa dalubwikang-panlipunan na lubos na makakabuti sa lipunang Pilipino.

### References/Mga Sanggunian

- Bautista, M. L. S. (1979). *Patterns of speaking in Pilipino radio dramas: A sociolinguistic analysis*. Tokyo, Japan: Institute for the study of Languages and Cultures of Asia and Africa, Tokyo University of Foreign Studies.
- Bautista, M. L. S. (1980). *The Filipino bilingual's competence: A model based on an analysis of Tagalog-English code-switching*. Canberra, Australia: Department of Linguistics, Australian National University.
- Bernardo, A. B. I. (2005). Bilingual code-switching as a resource for learning and teaching: Alternative reflections on the language and education issue in the Philippines. In D. T. Dayag & J. S. Quakenbush (Eds.), *Linguistics and language education in the Philippines and beyond: A festschrift in honor of Ma. Lourdes S. Bautista* (pp. 152-169). Manila, the Philippines: Linguistic Society of the Philippines.
- Bernardo, A. S. (2017). Philippine English in the ESL classroom: A much closer look. *The Philippine ESL Journal*, 19, 117-144.
- Borlongan, A. M. (in press for 2019). *Philippine English: Development, structure, and sociology of English in the Philippines*. London, the United Kingdom: Routledge.
- Gonzalez, A. (1980). *Language and nationalism: The Philippine experience thus far*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Gonzalez, A. (1985). Sociolinguistics in the Philippines. *Southeast Asian Journal of Social Science*, 13(1), 52-60.
- Gonzalez, A. B., & Bautista, M. L. S. (1986). *Language surveys in the Philippines (1966-1984)*. Manila, the Philippines: De La Salle University Press.

- Hymes, D. H. (1962). The ethnography of speaking. In T. Gladwin & W. C. Sturtevant (Eds.), *Anthropology and human behavior* (pp. 13-53). Washington, D.C.: Anthropology Society of America.
- Luzares, C. E., & Bautista, M. L. S. (1972). Judging personality from language use: 1971 sample. *Philippine Journal of Linguistics*, 3(1), 59-65.
- Sibayan, B. P. (1984). Some Philippine sociolinguistic concerns: 1967-1973. *International Journal of the Sociology of Language*, 45, 127-137.
- Sibayan, B. P., & Gonzalez, A. (Eds.). (1988). *Evaluating bilingual education in the Philippines (1974-1985)*. Manila, the Philippines. Linguistic Society of the Philippines.
- Tucker, G. R. (1968). Judging personality from language use: A Filipino sample. *Philippine Sociological Review*, 16(1-2), 30-39.